



ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**
AMBUHAY
MISSALETTE

Celebrates the 500 Years of Christianity in the Philippines (1521-2021)



Taon 34 Blg. 55

Bihilya ng Pasko ng Pagkabuhay (B) — White

Abril 3, 2021

Nang minsá’y nakauwi ako sa probinsya namin noong bata pa ako, isa sa kinagiliwan kong masaksihan ang mabagal na paghulagpos ng isang paruparo mula sa animo’y kumpol ng maliliit na dahon. Biglang lumitaw ang akala ko noo’y *alien* na maliit at pangit, na biglang umunat at nanggulat sa bagwis niyang makulay at marikit.

Natutunan ko sa eskwela na *metamorphosis* o banyuhay pala ang tawag sa prosesong ito. Ang mga nilalang katulad ng paruparo ay hindi nagsimulang paru-paro agad. Nanggaling sila sa pagka-itlog at pagka-uod. At pagdating ng takdang panahon, titigilan muna nila ang matakaw at maligalig na panginginain, susuot sa madilim at masikip na supot ng sarili nilang sapot, hihimlay, animo’y mamamatay. Ngunit sa paglao’y lilitaw ang isang bagong anyo ng buhay. Magbabanyuhay! Hindi na gumagapang kundi lumilipad; hindi na panlupa, kundi panlangit; hindi na matakaw na kumakain at umaagaw ng buhay, kundi handa nang magsalin at magbigay ng buhay. Yung dating uod, siya pa rin naman itong paruparo; parehong DNA, parehong *genetic material*. Hindi naman pinalitan pero nagbago na ng kaanyuan. Mas buhay, mas malaya, mas maluwalhati, mas totoo sa pagiging paru-paro.

Halos ganito ang karanasan ng muling pagkabuhay. Sa katuruan ng ating Kristiyanong pananampalataya, ang muling pagkabuhay ng ating



P. Joseph Don Zaldivar

Panginoong Hesus ay hindi pagpapanumbalik lamang ng hininga. Ang pagbangon mula sa libingan ay hindi pagpapanauli ng dating buhay, o pagbabalik-buhay. Kung nagbalik lang si Hesus sa dating kaanyuan, ang pagkabuhay ay paru-parong kumawala sa cocoon pero lumabas bilang uod pa rin.

Sa Pasko ng Muling Pagkabuhay, nadaig ng Diyos ang kasamaan at lumaya na si Hesus mula sa anumang paniniil ng kamatayan; sa kanya’y nahayag nang ganap ang buong lakas at liwanag ng mabathalang kaluwalhatian ng Anak ng Diyos. Marahil, hindi siya kaagad nakilala ni Maria Magdalena (Juan 20:14) o ng mga alagad na tumatakas pa-Emaus (Lucas 24:16) dahil, alalaong baga, “bagong” Hesus na ang napakilala sa atin sa buwang-liwayway ng Pagkabuhay. Wala nang pangil ang kamatayan at kamunduhan laban sa kanya. Nagbanyuhay; nagbagong-anyo ng buhay! Buhay na buhay, mas marikit, at tunay na makalangit.

Ang karanasan nating lahat ng pandemya at *lockdown* ay isang pakikiisa rin natin sa *cocoon* ng libingan ni Kristo. Nakulong tayo at nahirapan, at nahilo sa sunud-sunod na mga pagkabigla, pagkabahala, paluluksa, lungkot, takot, galit, sakit, pagtitiis, at paghihinaggpis. Anupa’t inaasam-asam nating lahat na matapos na ang pandemya at *lockdown*. Huwag tayong mawalan ng pag-asa. Ang pagkabuhay ni Hesus ang patunay na matibay ang pangako ng Diyos. Iaahon Niya tayo mula sa pagkalugmok natin sa karamdaman at kahirapan.

Subalit, huwag tayong mangarap na bumalik sa dati. Huwag nating hayaang ang “new normal” ay maging “back-to-normal.” Sa halip, pagsumikapan natin ang isang “better normal.” Huwag na tayong bumalik sa dati nating gawi ng pagkakanya-kanya. Tinuruan na tayo ng pandemya na kailangan nating magdamayan dahil walang ligtas kung hindi lahat ligtas. Huwag na tayong bumalik sa pagpapasasa at pagpapaagos sa kamunduhan. Ipinamulat na sa atin ng pandemya kung anong tunay na mahalaga sa buhay: pananampalataya sa Diyos, malalim na ugnayan ng pamilya, pagtulong sa nangangailangan. Huwag na tayong bumalik sa buhay na papatay-patay. Ang handog sa atin ni Hesus ay kaganapan ng buhay. Ang dulot ng pagkabuhay ay pagbabagong-buhay.

Aleluya! Tara na’t magbabanyuhay kay Hesus!

PANGKALAHATANG TAGUBILIN SA PAGDIRIWANG NG BIHILYA NG PASKO NG PAGKABUHAY SA PANAHON NG PANDEMYA

1. Ang lahat ng mga liturhiya ng mga Mahal na Araw at Banal na Triduong Pampaskwa ay ipagdiriwang katuwang ang ilang lingkod lamang. Sa panahon ng community quarantine, pinapayagan lamang ang nakatakdang bilang ng mga magsisimba ayon sa utos ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF). Hinihikayat na ang mga pagdiriwang ay ilathala online bilang live stream upang masubaybayan ng mga tao.
2. Ayon sa mga mungkahing panuntunan mula sa CBCP, ang Magdamagang Pagdiriwang ay maaaring simula ng ika-pito ng gabi.
3. Walang sindi ang mga ilaw ng simbahan habang ginaganap ang pagpaparalang sa ilaw. Hinihikayat ang

- lahat na magdala ng kandila sa misa. Ang Pagpaparalang sa Ilaw ay gaganapin sa payak na paraan. Sisindihan ang Kandilang Pampaskuwa at aawitin ang Exsultet.
4. Para sa Liturhiya ng Binyag, babasbasan ang tubig. Ilulukob ng pari ang kanyang mga kamay. Isusunod ang Pagsasariwa ng mga Pangako sa Binyag. Hihimukin ang mga pamilya sa kanilang tahanan na makiisa. Maaari silang gumamit ng kandila.
5. Pagtapos ng pagdiriwang, dahil sa ipinagbabawal ang prusisyon, maaaring ilibot sa buong parokya sa isang motorcade ang imahen ng Panginoong Muling Nabuhay. Kung ito’y gagawin, kinakailangan ang masusing pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan at barangay officials.

(Hindi muna sisindihan ang mga ilaw ng simbahan. Isang sigâ ang nakahanda sa paanan ng dambana. Ang Kandila ng Pagkabuhay ay dadalhin ng isang tagapaglingkod.)

I. ANG MARINGAL NA PASIMULA

Pagpaparangal sa Bagong Ilaw *(Gawin dito ang tanda ng krus)*

P — Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

B — At sumaiyo rin.

P — Mga kapatid, sa kabanal-banalang gabing ito na pinangyayarihan ng pagtawid ng ating Panginoong Hesukristo mula sa pagkamatay patungo sa pagkabuhay, ang Sambayanan niya ay nag-aanyaya sa lahat ng mga anak na nasa iba't ibang panig ng daigdig upang magtipun-tipon sa pagganap ng magdamagang pagdiriwang. Sa pagganap natin sa alala ng Pasko ng Panginoong nagtagumpay sa pakikinig ng Salita at paghahain ng kanyang buhay, maaasahan nating tayo'y makakapakinabang sa kanyang pananaig sa kamatayan at pamumuhay sa piling niya at ng Amang Maykapal.

Pagbabasbas ng Sigâ

[**L** — Ang pagtawid ng Panginoon mula sa kamatayan patungo sa pagkabuhay ay inilalarawan ng apoy na nagbibigay liwanag sa kadiliman ng gabi.]

P — Manalangin Tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, sa pamamagitan ng iyong Anak kami'y iyong dinulutan ng ningas ng iyong kaliwanagan. Ang bagong ningas na ito ay iyong gawing banal (+) at ipagkaloob mong kami'y pagningasin nitong aming pagdiriwang upang makasapit kaming may dalisay na kalooban sa walang maliw na kaliwanagan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.


B — Amen.

Paghahanda at Pagsisindi ng Kandila ng Pagkabuhay

(Pagkatapos na mabasbasan ang bagong

apoy, ang kandila ng muling pagkabuhay ay dadalhin sa pari. Ito ay guguhitan ng pari ng krus sa pamamagitan ng pang-ukit o pansulat. Iguguhit din dito ang mga titik na Griego:

L — *Ang Kandila ng Pagkabuhay ay sumasagisag kay Kristong muli nang nabuhay. Siyang sumasagisag sa kandila ang makabagong "haliging apoy" na siyang gagabay at magpapalaya sa simbahan mula sa pagkamakasalanang patungo sa bagong buhay.*



P —

1. *(Sa pagguhit sa krus mula sa itaas hanggang ibaba), Si Kristo ang nagmamahal noon sa bayang hinirang ngayon pa ri'y s'yang patnubay: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

2. *(Sa pagguhit sa bisig ng krus mula sa kaliwa hanggang sa kanan), Si Kristo ang nagmamahal simula pa noong araw, wakas natin s'ya't hantungan: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

3. *(Sa pagguhit ng alpha sa ulunan ng krus), Si Kristo ang pinagmulan: Alpha'y sagisag n'yang tunay. S'ya'y ating pinanggalingan: Si Hesukristo'y nabuhay, S'ya'y ating kaliwanagan.*

4. *(Sa pagguhit ng omega sa paanan ng krus), Si Kristo ang s'yang hantungan: Omega'y kanyang larawan, S'ya ang ating patunguhan: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ang ating kaliwanagan.*

5. *(Sa pagguhit ng unang bilang ng taon, sa itaas na kaliwang sulok ng krus), Kay Kristo ay nabibilang lahat ng panaho't araw, bawa't yugto ng pag-iral: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

6. *(Sa pagguhit ng ikalawang bilang ng taon, sa itaas na kanang sulok ng krus), Kay Kristo ay nabibilang mga taong daan-daan, Hari s'ya ng kasaysayan: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

7. *(Sa pagguhit ng ikatlong bilang ng taon, sa ibabang kaliwang sulok ng krus), Kay Kristo ang karangalan lahat ng kapangyarihan. Panginoong dinarangal: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

8. *(Sa pagguhit ng ikaapat na bilang ng taon sa ibabang kanang sulok ng krus), Kay Kristo ang kapurihan ng buong sangkatauhan ngayon at magpakailanman. Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

(Kapag nagughit na ang krus, itutusok ng pari ang limang butil ng insenso sa kandila habang ipinahahayag:)

1
4 2 5
3

P —

1 — *Sa sugat na lubhang banal ni Hesus sa tagiliran lubhang dugo't tubig ay lumitaw. Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

2 — *May sugat sa paang kanan si Hesus na nabayubay sa krus na kinamatayan. Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

3 — *Ang kaliwang paa naman ni Hesus din ay sugatan pako'y naglagos na tunay: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

4 — *At sa kanan niyang kamay si Hesus di'y pinakuan kaya't may sugat na taglay: Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

5 — *Sa kanyang kaliwang kamay si Hesus ay pinakuan noong buhay n'ya'y ialay. Si Hesukristo'y nabuhay S'ya'y ating kaliwanagan.*

(Ang kandila ng Pasko ng Pagkabuhay ay sisindihan mula sa bagong basbas na apoy)

L — *Ang ilaw ng kandila ang sumasagisag kay Kristong muli nang nabuhay, si Kristong nagniningning sa kadiliman at nagdudulot ng liwanag ng pag-asa sa ating lahat.*

P — *Mapawi nawang tuluyan ang dilim ng kasalanan sa puso nati't isipan: Si Hesukristo'y nabuhay, siya'y ating kaliwanagan.*

(Ang pari o diyakono ang siyang magdadala sa kandila ng Pasko ng Pagkabuhay sa gitna ng dambana o kaya sa harapan ng altar. Ito ay itataas niya habang umaawit.)

P — *Tayo nang magbigay-dangal kay Hesus na ating ilaw sa diwa nati't isipan. Si Hesukristo'y nabuhay, siya'y*

ating kaliwanagan.

B — Salamat po, Poong banal, sa ilaw na iyong bigay, upang kami ay tanglawan. Si Hesukristo'y nabuhay, siya'y ating kaliwanagan.

(Ang pagpapahayag na ito ay isang ulit lamang gagawin sapagkat walang prusisyon ng kandila ng Pasko ng Pagkabuhay na magaganap.)

Ilalagay ang kandila sa patungan o kandilero nito na nasa gitnang dako ng dambana o malapit sa mataas na dakong nakalaan para sa mga pagbasa.

Ang mga ilaw sa simbahan ay sisindihan maliban sa mga kandila sa altar.

Maringal na Pagpapahayag ng Pasko ng Muling Pagkabuhay
(Exsultet, Maikling Paraan)

(Tatayo at sisindihan ang kandila.)

P — Magalak ngayo't magdiwang/ mga anghel na kinapal,/ lahat tayo'y mag-awitan:/ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

Tambuli ng kaligtasan/ maghudyat ng kagalakan/ magsaya ang sanlibutan./ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

Hinirang na sambayanan/ bumubuo ng Simbahan/ magsaya sa kaningningan./ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

Ang puso nati't isipan/ itaas sa kalangitan/ ang Ama'y pasalamatan./ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

Ngayon nga ang kapistahan/ ng Panginoong namatay/ ukol sa 'ting kalayaan./ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

Ngayon nga ang pagdiriwang/ ng muli nating pagsilang/ sa tubig ng kaligtasan./ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

Diyos Ama ng sanlibutan,/ pag-ibig mo't katapatan/ patawad sa ami'y bigay./ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

Hain namin itong ilaw/ sagisag ng matagumpay/ na Anak mong minamahal./ Si Hesukristo'y nabuhay/ siya'y ating kaliwanagan.

B — Amen.

II. PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



L — Ngayo'y sisimulan natin ang ikalawang bahagi ng pagdiriwang: ang pagpapahayag ng Salita ng Diyos.

P — Mga kapatid, ngayong nasimulan na natin ang Magdamagang Pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay, makinig tayong mabuti sa Salita ng Diyos, isaloob natin kung paano niyang ginaganap sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ang pagliligtas niya sa mga hinirang na tao. Noon ngang sumapit ang itinakda niyang panahon, ang kanyang sariling Anak ang kanyang sinugo upang maging ating Tagapagligtas. Hilingin natin sa Diyos ang kaganapan ng kaligtasan na nangyayari ngayon sa pagdiriwang ng Pasko ng pagtubos sa tanan.

Unang Pagbasa (Gn 1:1, 26–31a)
(Umupo)

Maririnig natin ang simula ng ating pagkakatandang Nilikha ng Diyos ang lahat ayon sa kanyang kabutihan at nilikha niya ang tao ayon sa kanyang sariling wangis at larawan.

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis
(D - Diyos, T - Tagapagsalaysay)

T - Nang simulang likhain ng Diyos ang lupa at ang langit, sinabi ng Diyos:

D - Ngayon, lalangin natin ang tao. Ating gagawin siyang kalarian natin. Siya ang mamamahala sa mga isda, mga ibon, at lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit.

T - Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Luma-lang siya ng isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala. Wika niya:

D - Magpakarami kayo at punuin ng inyong mga supling ang buong daigdig, at pamahalaan ito. Bini-bigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda, sa mga ibon, at sa lahat ng mailap na hayop, maging malalaki o maliliit. Bibigyan ko rin kayo ng lahat ng uri ng butil at mga bungangkahoy na inyong makakain. Ang lahat ng halamang luntian ay ibibigay ko naman sa mailap na hayop, malaki man o maliit, at sa lahat ng mga ibon.

T - At ito nga ang nangyari. Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan.

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan I (Slm 103)

T — Espiritu mo'y suguin Poon, tana'y'yong baguhin.

1. Pinupuri ka, Poong Diyos,

nitong aking kaluluwa/ ikaw Panginoong Diyos ko, kay dakila mong talaga!/ Ang taglay mong kasuota'y dakila ri't marangal pa./ Nababatbat ka, Poong Diyos, ng liwanag na kay ganda. **(T)**

2. Ikaw na rin ang nagtayo ng saligan nitong lupa,/ matatag na ginawa mo't hindi ito mauuga./ Ang ibabaw ng saliga'y ginawa mong karagatan,/ at tubig din ang bumalot sa lahat ng kabundukan. **(T)**

3. Lumilikha ka ng ilog na patungong kapatagan,/ sa gilid ng mga burol, umaagos na marahan./ Sa narooong kakahuya'y umaawit ng masaya,/ mga ibo'y nagpupugad sa malabay nilang sanga. **(T)**

4. Magmula sa kalangitan, mga bundok ay nadilig,/ ibinuhos ang biyaya't lumaganap sa daigdig./ Tumubo ang mga damong pagkain ng mga baka./ Nagkaroon ng halamang masaganang namumunga;/ anupa't ang mga tao'y may pagkaing nakukuha. **(T)**

5. Sa daigdig, Panginoon, kay rami ng iyong likha/ pagkat ikaw ay marunong kaya ito ay nagawa,/ ang dami ng nilikha mong nakalaganap sa lupa/ Panginoon'y purihin mo, purihin mo, kaluluwa!/ Purihin ang Panginoon, O purihin mo nga siya! **(T)**

Panalangin *(Tumayo)*

P — Manalangin Tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, lahat ng iyong mga nilikha ay ikaw ang itinatampok. Nawa'y maisaloob ng iyong mga tinubos na ang daigdig sa pasimula ay lalo mo pang pinadakila sa mga huling panahon ng pagsagip ni Kristo na siyang inihang Korderong pamasko na kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

Ikalawang Pagbasa (Gn 22:1-2, 9a, 10-13, 15-18) *(Umupo)*

Sinubok ng Diyos ang pananam-palataya ni Abraham. Inatasan niya si Abraham na ialay si Isaac, ang minamahal at nag-isa niyang anak.

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis
(D - Diyos, T - Tagapagsalaysay)

T - Noong mga araw na iyon: Sinubok ng Diyos si Abraham. Tinawag siya ng Diyos at tumugon naman siya. Sinabi sa kanya:

D - Isama mo ang pinakamamahal mong anak na si Isaac, at magpunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa

iyu, at ihandog mo siya sa akin.

T - Pagsapit nila sa dakong itinuro ng Diyos, gumawa ng dambana si Abraham. Inayos niya sa ibabaw nito ang panggatong. Nang sasaksakin na niya ang bata, tinawag siya ng anghel ng Panginoon at mula sa langit ay sinabi:

D - Abraham, Abraham! Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan! Naipakita mo nang handa kang sumunod sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait sa kanya ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak.

T - Paglingon niya'y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog kapalit ng kanyang anak. Mula sa langit, nagsalitang muli kay Abraham ang anghel ng Panginoon. Wika nito:

D - Akong Panginoon ang nanganako sa iyo: yamang hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisaisa mong anak, pagpapalain kita. Ang lahi mo'y magiging sindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Lulupigin nila ang mga lungsod ng kanilang mga kaaway. Sa pamamagitan ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig sapagkat ikaw ay tumalima sa akin.

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan II (Slm 15)

T — Diyos ko, ang aking dalangi'y ako'y iyong tangkilikin.

1. Ikaw lamang, Panginoon, ang lahat sa aking buhay,/ ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan;/ ang biyayang kaloob mo ay kahanga-hangang tunay./ Nabababtid ko na ika'y kasama ko oras-oras,/ sa piling mo kailanma'y hindi ako matitinag. **(T)**

2. Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak,/ ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag./ Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak,/ sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas. **(T)**

3. Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan,/ sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan;/ ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan. **(T)**

Panalangin (Tumayo)

P— Manalangin Tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, pinararami mo sa sanli-

butan ang mga anak na sa pangako mo'y sumilang bunga ng paglawak ng saklaw ng iyong paghirang. Sa pagbibinyag, ginagawa mong matupad ang iyong pangakong si Abraham ay maging ama ng lahat. Ipagkaloob mong ang iyong sambayanan ay marapat na makatugon sa iyong panawagan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B — Amen.**

Ikatlong Pagbasa (Ex 14:15-15:1) *(Umupo)*

Tumakas ang mga Israelita sa pagk-alipin sa bayan ng Egipto. Dahil hinabol sila ng Egipto, niloob ng Diyos na patawirin ang bayang Israel sa dagat habang nalunod naman ang mga Egipto. Ang pagkakaligtas na ito sa pamamagitan ng tubig ng karagatan ay siyang sagisag ng ating pagkakaligtas mula sa kasalanan at kamatayan sa pamamagitan ng tubig ng binyag.

Pagbasa mula sa aklat ng Exodo (D - Diyos, T - Tagapagsalaysay)

T - Noong mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Moises:

D - Bakit mo ako tinatawag? Palakarin mo ang mga Israelita. Itapat mo sa ibabaw ng dagat ang iyong tungkod; mahahati ang tubig at matutuyo ang lalakaran ninyo. Lalo kong pagmamatigasin ang mga Egipto at pasusundan ko kayo sa kanila, ngunit doon sila lilipulin: ang mga Egipto, ang mga kawal ng Faraon, pati ang kanilang mga karwahe. Ipakikita ko sa kanila ang aking kapangyarihan. Sa gayon, malalaman ng mga Egipticong iyan na ako ang Panginoon."

T - Ang anghel ng Diyos na pumapatnubay sa paglalakbay ng mga Israelita ay nagpatihuli sa kanila, gayon din ang haliging ulap. Ang ulap ay lumagay sa pagitan ng mga Israelita at ng mga Egipto at lumatag ang kadiliman. Dumating ang gabi at ang mga Egipto ay di makalapit sa mga Israelita.

Itinapat ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng dagat. Magdamag na pinaihip ng Panginoon ang isang malakas na hangin mula sa silangan at nahati ang tubig. Ang mga Israelita'y bumagtas sa dagat na ang nilakara'y tuyong lupa, sa pagitan ng animo'y pader na tubig. Hinabol sila ng mga Egipto, ng mga kawal, karwahe at kabayuhan ng Faraon. Nang magbubukang-liwayway na, ang mga Egipto'y ginulo ng Panginoon mula sa haliging apoy at

ulap. Nalubog ang gulong ng mga karwahe at hindi na sila makatugis nang matulin. Kaya sinabi nila, "Umalis na tayo rito sapagkat ang Panginoon na ang kalaban natin." Sinabi ng Panginoon kay Moises: **D** - Itapat mo ang iyong tungkod sa ibabaw ng dagat at tatabunan ng tubig ang mga Egipto pati ng kanilang karwahe.

T - Ganoon nga ang ginawa ni Moises, at pagbubukang-liway-way, nanumbalik sa dati ang dagat. Ang mga Egipto'y nag-sikap makatakas ngunit pinalakas ng Panginoon ang dating ng tubig kaya't sila'y nalunod na lahat. Nang manauli ang dagat, natabunan ang mga karwahe't kabayo ng Faraon, pati ng kanyang mga kawal at walang natira isa man. Ngunit ang mga Israelita'y nakatawid sa dagat, na tuyo ang dinaanan, sa pagitan ng animo'y pader na tubig.

Nang araw na yaon ang mga Israelita'y iniligtas ng Panginoon sa mga Egipto; nakita nila ang bangkay ng mga Egipto, nagkalat sa baybay-dagat. Dahil sa kapangyarihang ipinakita ng Panginoon laban sa mga Egipto, nagkaroon sila ng takot sa kanya at sumampalataya sila sa kanya at sa alagad niyang si Moises.

Ito ang inawit ni Moises at ng mga Israelita para sa Panginoon: "Ang Panginoon'y atin ngayong awitan sa kanyang kinamtang dakilang tagumpay; ang mga kabayo't kawal ng kaaway sa pusod ng dagat, lahat natabunan."

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan III (Ex 15)

T — Poon ay ating awitan sa kinamtan n'yang tagumpay.

1. Ang Panginoon'y atin ngayong awitan/ sa kanyang kinamtang Dakilang tagumpay;/ ang mga kabayo't kawal ng kaaway/ sa pusod ng dagat, lahat natabunan./ Ako'y pinalakas niya't pinatatag,/ siya ang sa aki'y nagkupkop, nag-ingat,/ Diyos ng magulang ko, aking manliligtas. **(T)**

2. Siya'y mandirigma na walang kapantay,/ Panginoon'y kanyang pangalan./ Nang ang mga kawal ng Faraon/ sa Dagat ng mga Tambo ay mangagsilusong,/ ang lahat ng ito ay kanyang nilunod/ pati na sasakya'y kanyang pinalubog. **(T)**

3. Sila'y natabunan ng alon ng dagat/ tulad nila'y batong

lumubog kaagad./ Ang mga bisig mo ay walang katulad,/ wala nang katulad, walang kasin-lakas./ Sa isang hampas mo, kaaway nangalat,/ nangadurog mandin sa 'yong mga palad. (T)

4. Sila'y dadalhin mo sa pinili mong bundok./ Sa lugar na itinangi mo, para maging iyong lubos/ at sa santwaryong natayo ayon sa iyong loob./ Ikaw, Poon, maghahari magpakailanman. (T)

Panalangin (*Tumayo*)

P— Manalangin Tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming makapangyarihan, noong unang panahon ay iyo nang idinulot na mabanaag ang himala ng Bagong Tipan sa pagtawid sa dagat bilang tagapahiwatig ng nagaganap sa pagbibinyag na siyang paglaya ng iyong sambayanan sa pagkabihag. Ipagkaloob mong ang lahat ng mga bansa ay makaranas ng muling pagsilang na dulot ng Espiritung tinatanggap ng mga may pananampalataya na Israel ang unang nagpamalas sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

Ikaapat na Pagbasa (Is 54:5–14) (*Umupo*)

Ang Diyos ay tulad ng isang kabiyak at tagapagligtas. Dahil sa patuloy nilang pagkakasala, pansamantalang iniwan ng Diyos ang sambayanan. Subalit dala ng dakilang pag-ibig ng Diyos, bumalik siya at iniligtas ang kanyang bayan.

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias

ANG IYONG naging kasintaha'y ang may likha sa iyo, siya ang Makapangyarihang Panginoon; ililigtas ka ng Diyos ng Israel, siya ang hari ng lahat ng bansa. Israel, ang katulad mo ay babaing bagong kasal, iniwan ng asawa, batbat ng kalungkutan. Ngunit tinawag kang muli ng Panginoon sa kanyang piling at sinabi: "Sandaling panahong kita'y iniwanan ngunit dahil sa tapat kong pag-ibig, muli kitang kukupkupin. Sa tindi ng galit nilisan kita sandali, ngunit habang panahon kong ipadarama sa iyo ang tapat kong pagmamahal." Iyan ang sabi ng Panginoon na nagligtas sa iyo.

"Nang panahon ni Noe, ako ay sumumpang di na mauulit na ang mundong ito'y gunawin sa tubig. Gayon din sa ngayon, iiwasan ko nang sa iyo'y magalit at hindi na

kita parurusahan uli. Maguguho ang mga bundok at ang mga burol, ngunit ang pag-ibig ko'y hindi maglalaho, at mananatili ang kapayapaang aking pangako." Iyan ang sinasabi ng Diyos na Panginoon, na nagmamahal sa iyo. Sinabi ng Panginoon, "O Jerusalem, nagdurusang lungsod na walang umaliw sa kapighatian, muling itatayo ang mga pundasyon mo, ang gagamitin ko'y mamahaling bato. Gagamiti'y rubi sa mga tore mo, batong maningning ang iyong pintuan, at sa mga pader ay mga hiyas na makinang. Ako ang magtuturo sa iyong mga anak. Sila'y magiging payapa at buhay ay uunlad. Patatatagin ka ng katarungan at katuwiran, magiging malayo sa mananakop at sa takot."

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan IV (Slm 29)

T — Poong sa aki'y nagligtas, ang dangal mo'y aking galak.

1. O Panginoon ko, sa iyong ginawa, kita'y pinupuri't ako'y iniligtas,/ kaya ang kaaway ay di na nakuhang matuwa't magalak./ Mula sa libingang daigdig ng patay, hinango mo ako at muling binuhay;/ ako, na kasama nilang napabaon sa kailaliman. (T)

2. Purihin ang Poon, siya ay awitan ng lahat ng tapat na mga hinirang./ Iyong gunitain ang mga ginawa ng Diyos na Banal,/ ang kanyang ginawa ay alalahanin at pasalamat! Hindi nagtatagal yaong kanyang galit, at ang kabutihan niya'y walang wakas./ Ang abang may hapis at tigmak sa luha sa buong magdamag,/ sa bukung-liwayway ay wala nang lungkot, kapalit ay galak. (T)

3. Kaya't ako'y dinggin, ikaw ay mahabag sa akin, O Poon, ako ay pakinggan,/ mahabag ka, Poon! Ako ay dinggin mo at iyong tulungan./ Nadama ko'y galak nang iyong hubarin ang aking panluksa./ Sa pasalamat sa iyo, O Poon, ay di magsasawa. (T)

Panalangin (*Tumayo*)

P— Manalangin Tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming makapangyarihan, sa ikadarakila ng iyong ngalan paramihin mo ang mga nakikinabang sa iyong pagpapalang bigay sa mga ninuno namin sa pagsampalataya sa iyong katapatan.

Ngayong ang iyong paghirang ay sanlibutan na ang saklaw ang matibay na pinanaligan ng mga ninuno naming banal ay matanto nawa naming nagkaroon na ng malaking katuparan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

Gloria

(Sisindihan ang lahat ng ilaw ng simbahan, at patutunugin ang lahat ng kampa na ng simbahan.)

Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaragal ka namin, sinasamba ka namin, ipinaghubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P— Manalangin Tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming makapangyarihan, ang kabanal-banalang gabing ito ay pinagliliwanag mo sa kadakilaan ng pagkabuhay ni Kristo. Antigin mo ang Espiritu ng pagkukup mo upang sa pagbabago ng aming buong pagkatao kami'y wagas na makapaglingkod sa iyo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

Sulat (Rom 6:3–11) (*Umupo*)

Hinahamon ni Pablo ang mga bagong binyag na mga Kristiyano na magpakatatag, talikuran ang kasalanan, at simulang magbagong-buhay.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

MGA KAPATID: Hindi ba ninyo

nalalaman na tayong lahat na nabinyagan kay Kristo Hesus ay nabinyagan sa kanyang kamatayan? Samakatwid, tayo’y namatay at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng binyag upang kung paanong binuhay na muli si Kristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo nama’y mabuhay sa isang bagong pamumuhay.

Sapagkat kung nakaisa tayo ni Kristo sa isang kamatayang tulad ng kanyang kamatayan, tiyak na makakaisa niya tayo sa isang muling pagkabuhay tulad ng kanyang pagkabuhay. Alam natin na ang dati nating pagkatalo ay ipinakong kasama niya upang mamatay ang makasalanang katawan at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Ngunit tayo’y naniniwalang mabubuhay tayong kasama ni Kristo kung namatay tayong kasama niya. Alam nating si Kristo na muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan. Nang siya’y mamatay, namatay siya nang minsanan para sa kasalanan, at ang buhay niya ngayo’y para sa Diyos. Kaya dapat ninyong ibilang ang inyong sarili na patay na sa kasalanan datapwa’t buhay naman para sa Diyos sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Hesus.

— Ang Salita ng Diyos.
B — Salamat sa Diyos.

Aleluya (Slm 117) (Tumayo)

(Maringal na pasisimulan ng pari ang pag-awit ng Aleluya na ulitin naman ng lahat.)

T — Aleluya! Aleluya! Aleluya!

Pari:



Lahat:



1. O pasalamatan/ ang D’yos na Panginoon, pagkat siya’y mabuti;/ ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili./ Ang taga-Israel,/ bayaang sabihi’t kanilang ihayag,/ “Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kukupas.” (T)

2. Ang lakas ng Poon,/ ang siyang nagdulot ng ating tagumpay/ sa pakikibaka sa ating kaaway./ Aking sinasabing di ako papanaw,/ mabubuhay ako/ upang isalaysay ang gawa ng Diyos na Panginoon ko. (T)

3. Ang batong natakwil/ ng nangagtatayo ng tirahang-bahay,/ sa lahat ng bato’y higit na mahusay./ Ang lahat ng ito/ ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos./ Kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod. (T)

Mabuting Balita (Mc 16:1-7)

P — Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B — Papuri sa iyo, Panginoon.

PAGKARAAN ng Araw ng Pama-mahinga, si Maria Magdalena, si Mariang ina ni Santiago, at si Salome ay bumili ng pabango upang ipahid sa bangkay ni Hesus. At nang Linggo ng umaga, pagsikat ng araw, sila’y nagpunta sa libingan. Naguusap-usap sila habang daan: “Sino kaya ang ating mapakikiusapang magpagulong ng batong nakatakip sa pintuan ng libingan?” Napaka-laki ng batong iyon kaya gayon ang sabi nila. Ngunit nang tanawin nila ang libingan, nakita nilang naigulong na ang bato. Pagpasok nila sa libingan, nakita nilang nakaupo sa gawing kanan ang isang binatang nararamtan ng mahaba at puting damit. At sila’y natakot. “Huwag kayong matakot,” sabi ng lalaki. “Hinahanap ninyo si Hesus, ang taga-Nazaret na ipinako sa krus. Wala na siya rito—siya’y muling nabuhay! Tingnan ninyo ang pinaglagyan sa kanya. Kaya, humayo kayo at sabihin ninyo sa mga alagad, lalo na kay Pedro, na mauuna siya sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo siya roon, gaya ng sinabi niya sa inyo.”

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

All — Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

III. ANG PAGDIRIWANG NG PAGBIBINYAG



(Kung may binyag, tingnan ang sakramentaryo. Kung walang bibinyagan at hindi magbabasbas ng tubig pambinyag, lalaktawan ang pagtawag sa mga banal at gagawin kaagad ang pagbabasbas ng tubig na iwiwisik.)

[L — Sa pamamagitan ng binyag, tayo’y naging kabahagi ni Kristo sa kanyang kamatayan at Muling Pagkabuhay. Sa bahaging ito, pagtitibayin at sasariwaan natin ang mga pangako natin noong tayo’y binyagan.]

Pagbabasbas sa Tubig (Tumayo. Gaganapin ito kung walang pagbibinyag)

P — Mga kapatid kong minamahal, hilingin natin sa Ama nating makapangyarihan na marapatin niyang basbasan itong tubig na iwiwisik ngayon bilang paggunita sa tinanggap nating binyag noon. Pagkalooban nawa niya tayo ng panibagong lakas para sa pamamalaging matapat sa Espiritu Santo na ating tinanggap.

(Tumahimik ang lahat)

Ama naming makapangyarihan, ipahayag mong ikaw ay kapiling ng iyong sambayanan sa pagdiriwang na ito ng gabi ng pagkabuhay. Ginugunita namin ang iyong paglikha na talaga namang kahanga-hanga at gayundin ang iyong pagtubos sa amin na lalo pang pambihira at walang kahambing. Basbasan mo itong tubig na iyong ginawa upang aming magamit para ang mga tanim ay madilig, para makapawi sa uhaw at init, at para maganap namin ang paglilinis. Ito rin ay iyong itinalagang gamitin sa pagbibigay ng iyong kagandahang-loob sa tanán. Ginamit mo ito sa pagpapalaya sa kaalipinan ng iyong hinirang na sambayanan. Habang sa disyerto sila’y naglalakbay, tubig ang pumawi sa kanilang pagkauhaw. Tubig din ang ginamit ng iyong mga propeta upang ang sisimulan mong pakikipagtipan sa tao ay maipahayag nila. Sa pamamagitan ng tubig na itinalagang maging banal ng Anak mong mahal noong siya’y lumusong sa Ilog-Jordan, pinagbabago mo kaming mga makasalanan. Ito nawang tubig na ngayo’y iwiwisik sa amin upang ang pagbibinyag ay aming gunitain ay magpahiwatig din nawa ng aming pakikigalak sa kaligayahan ng aming mga kapatid na tatanggap ng binyag sa Paskong ito ng Pagkabuhay ng iyong Anak na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

Pagsariwa sa Pangako sa Pagbibinyag *(Sisindihan ang mga kandila)*

P — Mga kapatid, sa misteryo ng Pasko ng Pagkamatay at Pagkabuhay ni Kristo, tayo'y nalibing kasama niya noong tayo'y binyagan upang kasama rin niya tayo'y makabangon at makapagbagong-buhay. Naganap na natin ang Apatnapung Araw na Paghahanda, kaya't sariwain natin ngayon ang ating pangako sa pagbibinyag. Talikdan natin ang kasamaan at kasalanan. Harapin natin ang matapat na paglilingkod sa Diyos bilang mga maaasahang kaanib ng kanyang banal na Simbahang Katolika. Kung kayo'y makapangangakong tatalikod sa lahat ng hadlang sa katuparan ng panukala ng Diyos upang kayo'y makapamuhay bilang matapat at maaasahang kaanib ng kanyang angkan, pakisagot ninyo itong tatlong katanungan.

P — Si Satanas ay itinatakwil ba ninyo?

B — **Opo, itinatakwil namin.**

P — Ang mga gawain ni Satanas ay itinatakwil ba ninyo?

B — **Opo, itinatakwil namin.**

P — Ang mga pang-akit ni Satanas upang sumuway ang tao sa Diyos ay itinatakwil ba ninyo?

B — **Opo, itinatakwil namin.**

P — Ngayon nama'y ating harapin ang ating pananampalataya. Kung kayo'y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga ikinararangal na anak ng Diyos Ama, kung tutularan ninyo siya sa kanyang kabutihan, pagmamahal sa lahat, at pagmamalasakit para sa pangkalahatang kapakanan, pakisagot ninyo ang katanungan ito:

Sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat at Lumikha ng langit at lupa kayo ba ay sumasampalataya?

B — **Opo, sumasampalataya kami.**

P — Kung kayo'y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga tunay na kapatid ng Panginoong Hesus, kung gagawin ninyong simulain sa buhay ang kanyang katwiran, katarungan, at paglilingkod

sa lahat alinsunod sa kanyang pagmamahal, pakisagot ninyo ang katanungan ito:

Sa iisang Anak ng Diyos, ang ating Panginoong Hesukristo, na ipinanganak ni Santa Mariang Birhen, ipinako sa krus, namatay, inilibing, muling nabuhay at naluluklok sa kanan ng Ama kayo ba ay sumasampalataya?

B — **Opo, sumasampalataya kami.**

P — Kung kayo'y makapangangakong susunod sa patnubay ng Espiritu Santo at kung sisikapin ninyong mapaunlad ang kaloob niyang buhay at pagmamahal upang maging mga maipagmamalaking anak ng Diyos Ama at kapatid ng Panginoong Hesus, pakisagot ninyo ang katanungan ito:

Sa Espiritu Santo, sa Banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa muling pagkabuhay ng mga namatay, at sa buhay na walang hanggan kayo ba ay sumasampalataya?

B — **Opo, sumasampalataya kami.**

P — Bunga ng pagmamahal ng Diyos na makapangyarihan Ama ng ating Panginoong Hesukristo, tayo ay pinatawad sa ating kasalanan noong tayo'y muling isilang sa tubig at Espiritu Santo. Tulungan nawa niya tayong mamalaging tapat sa ating Panginoong Hesukristo ngayon at magpasawalang hanggan.

B — **Amen.**

(Papatayin ang sindi ng mga kandila matapos ang pagwiwisik ng banal na tubig.)

Panalangin ng Bayan

P — Taglay ang galak na dulot ng muling pagkabuhay ni Kristo, manalangin tayo sa ating Amang nasa langit. Sa pamamagitan ng binyag, tayo ay kanyang inampon bilang mga tunay niyang minamahal na anak. Buong puso tayong manalangin:

T — **Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.**

L — Nawa'y maipahayag ng

Simbahan ang pag-asa para sa sansinukob habang hinihintay nito ang lubos na kaganapan ng kaligtasan. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa'y ang mga mananampalataya'y talikdan ang mga maling gawain at pagkamakasarili upang maging karapat-dapat sa bagong buhay na ipinagkaloob ni Kristo. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa'y makamit at maranasan ng mga kapatid naming patuloy na inaalipin ng kahirapan, kamangmangan, at imoralidad ang ganap na kalayaan ng isang tunay na anak ng Diyos. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa'y basbasan ng Diyos ang lahat ng manggagawang nagpapagod para sa ikauunlad ng bansa. Basbasan nawa ng Diyos ang lahat ng kanilang pagsisikap at iadya sila sa lahat ng kapahamakan. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa tuluyan nang matapos ang salot na dulot ng COVID-19 na nagpapahirap sa marami. Bigyan nawa ng sapat na lakas ang mga kumakalinga sa mga may sakit sa ating bansa at sa buong mundo at tulungan tayong magsumikap sa pananampalataya. Manalangin tayo: **(T)**

L — Nawa'y patuluyin ng Diyos sa kaluwalhatian ng kanyang kaharian ang mga mahal namin sa buhay na yumao na. Manalangin tayo: **(T)**

P — Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mo ang aming mga kahilingan at panatilihin mo kaming mapagkumbaba upang maging karapat-dapat kami sa kaligtasang kaloob ni Kristong aming Panginoon.

B — **Amen.**



Paghahain ng mga Alay

(Tumayo)

P — Manalangin kayo...

B — **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga panalangin na sumasaliw sa aming paghahain upang sa nagsimulang Pasko ng Pagkabuhay kami'y itaguyod nito sa kagalingang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

Prepasyo (Pagkabuhay I)

P — Sumainyo ang Panginoon.
B — At sumaiyo rin.

P — Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B — Itinaas na namin sa Panginoon.

P — Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B — Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat ngayong gabing ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang iyong Anak na minamahal ay naghain ng sarili niyang buhay. Siya ang tupang maamong umako sa kaparusahan upang mapatawad ang kasalanan ng sanlibutan. Sa pagkamatay niya sa banal na krus ang kamatayan namin ay kanyang nilupig. Sa pagkabuhay niya bilang Manunubos pag-asa't pagkabuhay ay aming nakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B — Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B — Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Missalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Missalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details:

88953416
sambuhay.missionappeal@gmail.com
facebook.com/sambuhaymissionappeal

B — Ama namin...

P — Hinihiling naming...

B — Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanayaya sa Pakikinaabang (Lumuhod)

P — Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B — Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon (1 Cor 5:7-8)

B — Si Kristo'y inialay na, pamaskong maamong tupa. Magsalo tayong masaya sa tinapay na pamista bago't wagas, Aleluya!

Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

P — Manalangin tayo. (Tumahimik)
Ama naming mapagmahal, padaluyin mo sa amin ang batis ng Espiritu ng iyong pag-ibig, upang kaming pinapagsalo mo sa piging ng Pasko ng Pagkabuhay ni Kristo ay magkaisa sa pananalig sa iyo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpa-sawalang hanggan.

B — Amen.

PAGTATAPOS

P — Sumainyo ang Panginoon.
B — At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P — Magsiyuko tayo habang iginagawad ang pagbabasbas (Tumahimik)

Sa dakilang kapistahang ito ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ni Hesukristo kayo nawa'y pagpalain ng makapangyarihang Diyos at sa tanang kasalanan ay kanya nawang ipagsanggalang ngayon at magpasawalang hanggan.

B — Amen.

P — Sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo napasainyo ang kagalingan at kaligtasan. Pagkalooban nawa niya kayo ng buhay na walang hanggan.

B — Amen.

P — Matapos ipagdalamhati ang pagpapakasakit ni Hesukristo, ipinagdiriwang ngayon ang maligayang Pasko ng Pagkabuhay. Pasapitin nawa niya kayo sa kaganapan ng kanyang kapistahan sa kalangitan.

B — Amen.

P — Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B — Amen.

Pangwakas

P — Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran, Aleluya! Aleluya!
B — Salamat sa Diyos, Aleluya! Aleluya!